**Paalala para sa mga Magulang tungkol sa Chikungunya**

Pinapaalalahanan ng Pediatric Infectious Disease Society of the Philippines (PIDSP) ang mga magulang na maging mas mapagmatyag dahil sa kamakailang pagtaas ng mga kaso ng chikungunya sa ilang lugar sa Samar. **Ang chikungunya ay isang sakit na dulot ng virus na naipapasa sa pamamagitan ng kagat ng lamok na *Aedes*—ang parehong lamok na nagdadala ng dengue.** Karaniwang sintomas nito ang **biglaang lagnat, matinding pananakit ng kasu-kasuan, pantal, sakit ng ulo, at pananakit ng kalamnan.** Karamihan sa mga bata ay gumagaling nang lubusan, ngunit ang pananakit ng kasu-kasuan ay maaaring tumagal ng ilang linggo.

**Ano ang pagkakaiba ng chikungunya at dengue?**

- **Chikungunya:** Mas matindi ang pananakit ng kasu-kasuan at maaari itong magpatuloy kahit wala na ang lagnat. Bihira ang matinding pagdurugo.
- **Dengue:** Maaaring magkaroon ng pagdurugo, matinding pananakit ng tiyan, tuloy-tuloy na pagsusuka, at pagbaba ng blood pressure (shock). Nangangailangan ito ng agarang pagpapatingin sa ospital.
- Dahil magkahawig ang mga unang sintomas ng chikungunya at dengue, **mahalagang maipatingin agad sa doktor ang batang may lagnat upang masuri kung dengue o chikungunya ang sanhi.**

**Mga Paalala para sa mga Magulang**

☑ Iwasan ang kagat ng lamok. Gumamit ng insect repellent na angkop sa edad ng bata, magsuot ng damit na mahaba ang manggas at pantalon, at gumamit ng kulambo lalo na sa mga sanggol.

☑ Alisin ang mga lugar na pinamumugaran ng lamok. Itapon o takpan ang mga lalagyan ng naipong tubig tulad ng timba, paso, gulong, at iba pang sisidlan.

☑ Painumin ng maraming fluids (ex. malinis na tubig o sabaw) at hayaang magpahinga ang bata.

☑ **Huwag magbigay ng aspirin o ibuprofen hangga't hindi pa natitiyak na hindi dengue ang sakit.** Maaaring magbigay ng **paracetamol** para sa lagnat at pananakit ayon sa payo ng doktor.

☑ Magpatingin agad sa doktor kung ang bata ay may **lagnat na may kasamang pantal o matinding pananakit ng kasu-kasuan.**

🚨 **Dalhin agad sa pinakamalapit na ospital kung ang bata ay may:**

- Tuloy-tuloy na pagsusuka
- Matinding pananakit ng tiyan
- Hirap sa paghinga
- Pagdurugo
- Labis na antok o hirap magising
- Hindi makainom o may senyales ng dehydration

**Protektahan ang inyong pamilya. Iwasan ang kagat ng lamok. Magpatingin agad sa doktor kapag may lagnat.**

Mga Sanggunian (References):

1. World Health Organization (WHO). *Chikungunya.* https://www.who.int/health-topics/chikungunya
2. Centers for Disease Control and Prevention (CDC). *About Chikungunya.* https://www.cdc.gov/chikungunya
3. Department of Health (DOH), Philippines. Mga gabay sa pag-iwas sa mga sakit na dala ng lamok at vector control.
4. Mga ulat ng lokal na pamahalaan at balita: Kamakailang pagtaas ng mga kaso ng chikungunya sa ilang lugar sa Samar.